USDA

Departamento ng Agrikultura ng Estados Unidos

Serbisyo sa Inspeksiyon ng Kalusugan ng Hayop at Halaman
Pangangalaga at Pagkukuwarentenas ng Halaman

# Kinakailangan ang Inspeksiyon ng Bagahe para sa mga Manlalakbay na Manggagaling sa Hawaii patungo sa U.S. Mainland, Alaska, at Guam

Ipinagbabawal o nililimitahan ng Animal and Plant Health Inspection Service (APHIS, Serbisyo sa Inspeksiyon ng Kalusugan ng Hayop at Halaman) ng U.S. Department of Agriculture (USDA, Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos) ang paglipat ng maraming agrikultural na produkto mula sa Hawaii patungo sa U.S. Mainland, kabilang ang karamihan sa mga sariwang prutas at gulay at partikular na mga uri ng mga halaman at bulaklak. Ito ay dahil ang mga produktong ito ay maaaring lihim na makapagdala ng panganib—isang mapanirang peste o sakit. Maaaring maging sanhi ng milyong dolyar na pinsala at magdulot ng mga magastos na hakbang tungo sa eradikasyon o pagsugpo ng sakit, hindi maibabalik na kita sa kalakalan, at mas mataas na presyo ng pagkain ang kahit isang piraso ng prutas o isang halaman na nagdadala ng isang mapanirang peste o sakit.

Upang maiwasan ang pagkalat ng mga mapanirang peste at sakit, iniinspeksiyon ng APHIS ang lahat ng bagahe ng mga pasaherong galing sa Hawaii patungo sa U.S. mainland, Alaska, at Guam. Isinasagawa ng mga opisyal ng APHIS ang inspeksiyon sa paliparan bago ang iyong paglipad.

Mangyaring maging handang buksan at isara ang iyong mga sariling bag. Huwag lagyan ng tape ang mga cooler at kahong nakasara hanggang pagkatapos ng inspeksiyon. Kung mayroon kang dalang anumang sariwang prutas o gulay, halaman, bulaklak, souvenir na gawa mula sa mga halaman o kahoy, o iba pang mga produktong agrikultural, mangyaring ipagbigay-alam sa inspektor. Maaaring magdulot ng mga pagkaantala at posibleng pag-isyu ng mga sibil na multa mula $100 hanggang $1,000 kada paglabag ang pagkabigo sa pagdeklara ng mga produktong ito.

Kung nais mong ipahatid o ipadala ang mga agrikultural na produkto sa U.S. mainland at Alaska, kailangang mainspeksiyon at/o masertipika ang mga iyon ng APHIS bago mo dalhin ang mga iyon sa anumang tanggapan ng kargamento ng paliparan, post office, o iba pang serbisyo sa pagpapadala.

## Mga Sariwang Prutas at Gulay

Ipinagbabawal ang paghahatid o pagpapadala ng karamihan sa mga sariwang prutas at gulay nang direkta mula Hawaii o sa pamamagitan ng Alaska o Guam patungo sa kontinente ng Estados Unidos dahil sa panganib ng pagpasok ng mga partikular na mapanirang peste sa halaman at mga sakit.

Gayunpaman, mayroong mga eksepsiyon. Pinapayagan ang sariwang pinya at niyog pagkatapos ng inspeksiyon. Pinapayagan ang sariwang papaya, abiu, atemoya, saging, dahon ng curry, dragon fruit, longan, lychee, mangosteen, rambutan, starfruit, at kamote, ngunit kailangan itong iproseso sa isang pasilidad na inaprobahan ng USDA at mailagay sa mga kahon na angkop na minarkahan at tinatakan.

Maaaring maghatid o magpadala ng mga pinrosesong prutas at gulay. Kabilang sa mga paraan ng pagpoproseso ang pagluluto, pagpapatuyo, o pagyeyelo. Kung pinayelo, kailangang ang lahat ng prutas ay matigas na nagyeyelo sa panahon ng inspeksiyon. Kailangang walang buto ang pinayelong mangga.

Mangyaring makipag-ugnayan sa APHIS para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga aprobadong paraan ng pagpoproseso. Makikita ang mga numero ng telepono para sa mga lokal na tanggapan ng APHIS sa Hawaii sa susunod na pahina.

### Mga Karaniwang Bagay mula Hawaii na Pinapayagang Ipasok sa U.S. Mainland, Alaska, at Guam Pagkatapos ng Inspeksiyon

- Buhangin galing sa tabing-dagat
- Niyog



- Mga komersiyal na de-latang pagkain
- Mga pinatuyong buto at halamang ornamental
- Mga sariwang bulaklak, lei, at foliage (maliban sa anumang citrus o may kaugnayan sa citrus na mga bulaklak, halaman, o ibang bahagi ng halaman, kasama ang jade vine o Mauna Loa)
- Hinahina (Spanish moss)
- Mga Irish o puting patatas
- Sariwang pinya
- Pinrosesong prutas tulad ng papaya, abiu, atemoya, saging, dahon ng curry, dragon fruit, longan, lychee, mangosteen, rambutan, starfruit, at kamote[1]
- Mga halaman at mga pirasong pinutol mula sa halaman[2]
- Mga bato
- Mga kabibe mula sa dagat (seashell), hindi kabibe ng suso
- Mga lei at alahas na gawa sa buto
- Kahoy (kabilang ang inanod na kahoy at mga patpat) at mga wood rose (pinatuyo)

## Mga Karagdagang Bagay mula Hawaii na Pinapayagang Ipasok sa Guam

- Mga beet
- Mga rutabaga
- Mga singkamas (turnip, tinanggalan ng ibabaw)

## Mga Karagdagang Bagay mula Hawaii na Pinapayagang Ipasok sa Alaska (ngunit hindi maaaring maipadala o dalhin sa magkakaratig na lugar ng Estados Unidos)

- Sayote
- Berdeng saging
- Berdeng sibuyas
- Patani (lima bean)
- Okra
- Gisantes (pea)
- Kalabasa
- Snow pea
- Sitaw (string bean)
- Pakwan
- Sigarilyas (winged bean)
- Kundol (winter melon)
- Yard long bean
- Zucchini

## Mga Karaniwang Produkto mula Hawaii na Hindi Pinapayagang Ipasok sa U.S. Mainland at Alaska

- Mga sariwang prutas at gulay, maliban sa mga nakalistang pinapayagan
- Mga berry ng anumang uri, kabilang ang mga sariwang coffee berry at sea grapes
- Mga halamang cactus o mga bahagi ng halamang cactus
- Mga bahagi ng halamang bulak, kabilang ang mga cotton boll
- Mga sariwang bulaklak ng jade vine at Mauna Loa
- Kikania at sariwang bunga ng screwpine (pandanus)
- Mga buhay na insekto at suso
- Mga butong may kasamang bunga at sariwang balat ng binhi (seed pod)
- Lupa o anumang halamang nasa lupa
- Tubo (sugarcane)
- Kangkong (swamp cabbage, unchoy)
- Kamote (hilaw)
- Mock orange

Maaaring mapasailalim sa pagbabago ang impormasyong ito. Para sa pinakabagong impormasyon, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng APHIS:

| | |
|---|---|
| Honolulu | (808) 834-3220 |
| Kona | (808) 326-1252 |
| Kauai | (808) 632-2511 |
| Hilo | (808) 933-6930 |
| Maui | (808) 877-5261 |

Para sa impormasyon kung paano ipasertipika ang mga halaman at mga pinutol mula sa halaman, makipag-ugnayan sa Hawaii Department of Agriculture (Kagawaran ng Agrikultura sa Hawaii):

| | |
|---|---|
| Honolulu | (808) 832-0566 |
| Hilo | (808) 974-4141 |
| Kauai | (808) 241-7135 |
| Maui | (808) 872-3848 |
| Kona | (808) 326-1077 |

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang website ng APHIS sa www.aphis.usda.gov/travel.

[1] Kailangang iproseso ang mga prutas na ito sa isang pasilidad na inaprobahan ng USDA at mailagay sa mga kahong angkop na minarkahan at tinatakan.

[2] Para sa sertipikasyon ng produkto mula sa nakaugat na halaman, makipag-ugnayan sa Hawaii Department of Agriculture.

Ang USDA ay isang provider, employer, at lender na nagbibigay ng pantay na oportunidad.
PPQ-20-003TGL(Tagalog)

Inisyu noong Hulyo 2017
Bahagyang inirebisa noong Pebrero 2020